Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

kanyang lubos na kasiyahan sa maganda ng daloy ng trapiko sa ilalim ng pamamahala ni Cpl Cuyos at hiniling sa kasamang mga kagawad na bigyan pa ang bagong namumuno ng panahon upang mahutas ang trapiko sa iba pang lugal. Idinagdag pa niya na umaani na ng papuri ang bagong daloy ng trapiko mula sa mga mamamayan kaya't hiniling niya na mapalakpakan ang nandoroong si Cpl Cuyos.

May kinalaman naman sa di-tiyakang mangyayari sa kaguluhan sa gitnang silangan ay ipinahayag ng punong-bayan na nararapat lamang na bilang mga pinunong bayan ay magbanghay sila ng mga pamamaraan upang makatulong sa mamamayan kung sakaling lulubha ang krisis. Idinagdag pa ng Punong-bayan na malaki ang maitutulong sa mga mamamayan kung ang mga negosyanteng nag-iimbak ng mga paninda ay tutukuyin at bibilhin ng pamahalaan ang mga paninda sa halagang itatakda ng pamahalaan at gayundin ay maipagbili ito sa mga mamamayan; na sa kasalukuyan ay nagbabanghay din ang pamahalaang nasyonal ng mga planong pangwalang katiyakan. Pansamantala ay pinag-pasiyahan ng kapulungan na panguluhan ng Punong-bayan ang Lupon at itinalaga si P/Kapt. Benjamin Ambas bilang Pangalawang Pangulo. Ang naatasan namang maghanda ng mga panukalang plano si Kag. Perez na kakatulungin si Kag. Dungao. Ipinahayag din ng Punong-bayan na siyam (9) na samahang pangmadla ang naghain ng tulong upang maisakatuparan ang anumang programa ng pamahalaan, na kinabibilangan at pinangungunahan ng Labuyo Club ng samahang Bantayan Jaycees, Jaycee Senate, Kiwanis Club, Sumpa Kita, Younger Set, Tagapo Educational Foundation, Santa Rosa Amateur Cycling Club, Santa Rosa Tennis Club. Matapos pa ang maikling pagtatalakayan ay pinagpasiyahan ang:

KAUTUSANG BAYAN BLG. II-'91
(Sa mungkahi ni Kag. Puzon na pinangalawahan
ni Kag. Marcelo)

ANG KAUTUSANG BAYAN

na nagtitibay sa paglalaan ng halagang DALAWANG DAANG LIBONG PISO (₱200,000.00) mula sa kabang bayan upang iukol sa pagpapatupad ng "Contingency Plan" ng Pamahalaang Bayan sa Kawalang Katiyakang pangyayaring idudulot ng krisis sa Gitnang Silangan.

Ipinasiya din na ang halagang inilaan ay kunin sa Di pa Nailalaang gugulin sa Taong 1991.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

APPROVED
RESOLUTION No. 157-'91
PROVINCIAL BOARD
Marso 13, 1991

Pinagtibay:

ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

EMILIO M. TIONGCO
Kagawad

RUFINO P. TAPANGCO
Kagawad

ERIC T. PUZON
Kagawad

URIEL T. MANGAHIS
Kagawad

ADELO T. PEREZ
Kagawad

ANTONIO G. DUNGAO
Kagawad

AVELINA R. GIRONELLA
Kagawad

RESTITUTO S. ALMODOVAR
Kagawad

REYNALDO C. ENTENA
Kagawad

RAMON G. MARCELO
Kagawad